## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa pagmamahal Niya sa atin at sa pagtupad ng plano Niya na iligtas tayo at gawing mga anak Niya. Ipanalangin na lagi kang magpapasalamat sa pribilehiyo na maituring na Kanyang anak at sa pagkakaroon mo ng relasyon sa Kanya.
- Ipanalangin na lagi mo Siyang tatawaging "Ama!" sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu na nananahan sa iyo. Ipanalangin na mas makilala at mamahalin mo ang Diyos sa bawat paglipas ng araw.
- Ipanalangin na magawa mong mailapit ang mga tao sa Diyos at matulungan silang malaman ang lahat ng ginawa Niya para sa kanila. Ipanalangin na ang mga kapamilya at kaibigan mo na hindi pa nakakikilala sa Diyos ay maging bahagi rin ng Kanyang pamilya balang araw.

## NOTES

VICTORY

© 2018 by VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot mula sa
Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.

victory.org.ph

MAKE ROOM



# Espiritu ng Pagiging Anak

## WARM-UP

- Ano ang tawag sa iyo ng mga kapamilya at pinakamalapit mong kaibigan? Ano ang mga pangalan at palayaw mo?
- Nakatanggap ka na ba ng isang regalo na hindi mo inaasahan? Sino ang nagbigay nito at ano ang naramdaman mo dahil dito?
- Ano ang nais mo sanang maiwan sa mga anak mo balang araw? Bakit ito ang naisip mo?

## WORD

*[4]Ngunit nang dumating na ang takdang panahon, isinugo ng Diyos ang kanyang Anak sa mundo. Ipinanganak siya ng isang babae at namuhay sa ilalim ng Kautusan [5]para palayain ang mga nasa ilalim ng Kautusan, nang sa ganoon ay maging anak tayo ng Diyos.* **MGA TAGA-GALACIA 4:4,5**

Sa umpisa pa lamang, ang plano ng Diyos ay ang kaligtasan natin. Ipinadala Niya ang Kanyang Anak, si Jesu-Cristo, upang tayo ay tubusin, baguhin mula sa pagiging alipin ng kasalanan, at gawing bahagi ng Kanyang pamilya sa pamamagitan ng pag-ampon sa atin bilang Kanyang mga anak. Dahil sa pagmamahal ng Ama, sa ginawa ng Anak, at sa kaloob na Banal na Espiritu, tayo ay naging mga anak ng Diyos. Sa araling ito, ating titignan ang tatlong kabutihan ng pagiging mga anak ng Diyos.

## 1 Pag-ampon

*. . . para palayain ang mga nasa ilalim ng Kautusan, nang sa ganoon ay maging anak tayo ng Diyos.* **MGA TAGA-GALACIA 4:5**

Ang mapasama sa pamilya ng Diyos ay nangangahulugan ng pagtanggap ng lahat ng mga karapatan at pribilehiyo ng pagiging anak, kapantay ng iba pang lehitimong anak sa pamilya. Ibig sabihin ay nakikibahagi tayo sa legal na karapatan at kayamanan bilang mga anak ng Diyos. Ayon sa Mga Taga-Galacia 3:28, ano ang mga balakid na tinanggal ng Diyos upang tayo ay mapasama sa Kanyang pamilya?

## 2 Pagiging Malapit

*At dahil mga anak na tayo ngayon ng Diyos, isinugo ng Diyos ang Espiritu ng kanyang Anak sa ating puso, kaya makakatawag na tayo sa kanya ng "Ama."* **MGA TAGA-GALACIA 4:6**

Tinuturuan tayo ng Espiritu ng Diyos kung paano tayo dapat makipag-ugnayan sa ating Ama sa langit upang tayo ay mapalapit sa Kanya. Tayo ay makakalapit sa Kanya at mararanasan nating makapiling Siya. Maaari natin Siyang tawaging Ama! Mula sa pagkakaroon mo ng relasyon sa Diyos, paano mo natutunan na mas kilalanin pa Siya at paano ito nakatulong upang magtiwala ka sa Kanya ng higit sa lahat?

## 3 Pamana

*Ngayon, hindi na tayo mga alipin kundi mga anak. At kung mga anak tayo ng Diyos, tagapagmana rin tayo ng mga pangako niya.* **MGA TAGA-GALACIA 4:7**

Natural sa mga magulang na maglaan at mag-iwan ng ipapamana sa kanilang mga anak. Ang Diyos, ang ating Ama sa langit, ay ginawa tayong Kanyang mga anak sa pamamagitan ng pag-ampon sa atin sa Kanyang pamilya. Ginawa rin Niya tayong tagapagmana sa Kanyang kaharian. Natanggap na natin ngayon ang Kanyang pamana, na may katiyakan dahil sa Banal na Espiritu. Bakit mas maganda ang matatanggap natin bilang bahagi ng pamilya ng Diyos at tagapagmana sa kaharian kaysa sa ano mang maaari nating matanggap mula sa mundo?

## APPLICATION

- Ikuwento kung paano ka naging bahagi ng pamilya ng Diyos. Paano nabago ng pagiging anak ng Diyos ang pagkilala mo sa iyong sarili at ang iyong buhay? Paano nito binago ang pagtingin mo sa ibang tao?
- Paano ka magiging mas malapit sa Ama araw-araw, simula ngayong linggo?
- Ang Banal na Espiritu ang katiyakan ng ating mana bilang mga anak ng Diyos. Ano ang isang bagay na gagawin mo sa ibang pamamaraan upang mapuspos ka at mabigyan ng kakayahan ng Banal na Espiritu?